


# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 9: Paggamit sa Usapan ng mga Salitang Pamalit sa Ngalan ng Tao (Ako, Ikaw, at Siya; Kami, Tayo, Kayo, at Sila)



**Filipino – Ikatlong Baitang**

**Alternative Delivery Mode**

**Unang Markahan – Modyul 9: Paggamit sa Usapan ng mga Salitang Pamalit sa  
Ngalan ng Tao (Ako, Ikaw, at Siya; Kami, Tayo, Kayo, at Sila)**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jessa Mae Pendon at Redem D. Evangelista

**Editor:** Cristy S. Agudera, Lorna C. Ragos

**Tagasuri:** Maricel M. Jamero, Bryan Ephraem E. Miguel,  
Rolibeth M. Labadia, Althea S. Llameg

**Tagawasto:** Rhenan Nisperos

**Tagaguhit at Tagalapat:** Precious Jean Enriquez, Oscar Edig at Jecson L. Oafallas

<b>Tagapamahala:</b> Allan G. Farnazo	Josephine L. Fadul
Mary Jeanne B. Aldeguer	Christine C. Bagacay
Analiza C. Almazan	Lorna C. Ragos
Ma. Cielo D. Estrada	Cristy S. Agudera
Mary Jane M. Mejrada	Alma D. Mercado

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph \* lrms.regionxi@deped.gov.ph

# Filipino

Unang Markahan – Modyul 9:  
Paggamit sa Usapan ng mga Salitang Pamalit  
sa Ngalan ng Tao (Ako, Ikaw, at Siya;  
Kami, Tayo, Kayo, at Sila)

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## *Alamin*

Magandang araw sa iyo!

Malugod kitang binabati dahil matagumpay mong nasagot ang naunang mga gawain.

Sa modyul na ito, matutuhan mong gamitin sa usapan ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao ang ako, ikaw, siya, kami, tayo, kayo at sila sa usapan at sitwasyon.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.


Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nakagagamit ng panghalip bilang pamalit sa pangngalan ang panandang ako, ikaw, siya, kami, tayo, kayo at sila (F3WG-Ie-h-3, F3WG-IIg-j-3).



## Subukin

Gamit ang larawan, punan ng panghalip na Ako, Ikaw, at Siya ang patlang.



1. \_\_\_\_\_ pala ang kaibigan ni Lito.



2. \_\_\_\_\_ ay nanalo sa lotto!



3. \_\_\_\_\_ saan ka nakatira?



4. \_\_\_\_\_ ba ang iyong Ama?



5. \_\_\_\_\_ na ang maghugas ng pinggan.

# Gamit ng Ako, Ikaw, at Siya



## Balikan

Basahin at unawain mo ang kuwento. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

### Ang Kaarawan

ni: Jessa Mae R. Pendon



Nakita ni Karla ang kalendaryo sa kanilang bahay. Ilang araw na lang pala at kaarawan na niya. Kumuha siya ng kuwaderno at bolpen. Isinulat niya ang kaniyang mga plano para sa kanyang kaarawan.

Kaarawan na niya. Abala ang lahat sa bahay. Dumating ang kaniyang mga bisita at binati siya ng maligayang kaarawan. Masayang-masaya siya dahil natupad ang kaniyang plano sa kaniyang kaarawan.

Mga tanong:

1. Ano ang pamagat ng kuwento?  
a. Ang Sulat            b. Ang Plano            c. Ang Kaarawan
  
2. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?  
a. Karla            b. Karel            c. Kayla
  
3. Saan naganap ang kuwento?  
a. mall            b. bahay            c. paaralan
  
4. Alin sa sumusunod ang unang nangyari sa kuwento?  
a. Naghanda si Karla ng plano.  
b. Kumuha si Karla ng kuwaderno at bolpen.  
c. Nakita ni Karla ang kalendaryo sa kanilang bahay.
  
5. Alin sa sumusunod ang huling nangyari sa kuwento?  
a. Nalungkot si Karla sa kaniyang kaarawan.  
b. Natupad ang plano ni Karla sa kaniyang kaarawan.  
c. Naghanda si Karla ng plano para sa kaniyang kaarawan.






## Tuklasin

Basahin ang kuwento at sagutan ang sumusunod na tanong. Bilugan ang titik nang wastong sagot.

### Ang Aming Pangarap ni: Ruthel C. Albesa

Masayang nagkuwentuhan ang magkakaibigan habang nasa labas sila ng bahay ni Mariz na natutulog sa mga oras na iyon.



Melvin: Wow! Ang galing mo palang umawit. Samakatuwid gusto mong maging **singer**. Ikaw Rico, ano ang gusto

mo paglaki?

Rico : Nais kong maging enhinyero. Gusto kong gumawa ng kakaibang desinyo na mas maganda at tipid sa **budget** tulad ng aking Tiyo Alfredo. Siya ang naghikayat sa akin na maging enhinyero pagdating ng panahon.

Marilou: Ako gusto ko maging dentista. Gusto kong tumulong sa mga taong may sira ang ngipin at ayusin ang kanilang ngipin.

Mga tanong:

1. Sino ang tinutukoy ni Melvin nang sabihin niyang ikaw?

Melvin: Ikaw Rico, ano ang gusto mo paglaki?

- a. Si Melvin                      b. Si Rico                      c. Si Marilou

2. Sino ang tinutukoy ni Rico nang sabihin niyang siya?

Rico: Gusto kong gumawa ng kakaibang desinyo na mas maganda at tipid sa budget tulad ng aking Tiyo Alfredo. Siya ang naghikayat sa akin na maging enhinyero pagdating ng panahon.

- a. Melvin                      b. Marilou                      c. Tiyo Alfredo

3. Sino ang nagsabi ng ako?

Marilou: Ako gusto kong maging dentista.

- a. Rico                      b. Melvin                      c. Marilou

4. Paano isinulat ang simula ng pamagat, "Ang Aming Pangarap"?

- a. maliit na letra      b. malaking letra      c. wala sa nabangit

5. Anong bantas ang ginamit sa ibabang pangungusap?

Nais kong maging guro.

- a. Tuldok  
b. Tandang pananong  
c. Tandang padamdang



## Suriin

- Ang ako, ikaw at siya ay mga panghalip panao. Ginagamit ang panghalip panao bilang pamalit sa ngalan ng tao upang maiwasan ang pag-uulit sa ngalan nito.

Ako	Pamalit sa ngalan ng taong nagsasalita.
Ikaw	Pamalit sa ngalan ng taong kinakausap.
Siya	Pamalit sa taong pinag-uusapan.

Halimbawa na ginamit sa usapan ang ako, ikaw at siya.


Ako ay kumakain ng mansanas. Ikaw, Rosa ano ang kinakain mo?



Ako ay kumakain ng papaya.




Ako ay kumakain ng bayabas. Siya naman ay kumakain ng santol, manga, ubas at durian.



Aray! Masakit ang tiyan ko! Dapat pala nginunguya ko nang mabuti ang aking kinakain.






## Pagyamanin

I. Hanapin at bilugan ang letra na may tamang pagkakasulat ng pangungusap, batay sa larawang nakikita sa gilid nito.



1. a. Ako si Lino.  
b. Ikaw si Lino?  
c. Siya ay si Lino.




2. a. Ikaw ba si Rosa!  
b. Ikaw ba si Rosa.  
c. Ikaw ba si Rosa?



3. a. Nanalo Ako?  
b. Nanalo Ako!  
c. Nanalo ako.



4. a. Siya ang kaibigan ni rosa na may dalang lapis, kuwaderno at aklat.  
b. Siya ang kaibigan ni Rosa na may dalang lapis kuwaderno at aklat!  
c. Siya ang kaibigan ni Rosa na may dalang lapis, kuwaderno at aklat.



5. a. Siya ang magdadala ng damit!  
b. siya ang magdadala ng damit.  
c. Siya ang magdadala ng damit.

II. Isulat mo sa patlang ang panghalip panao na ako, ikaw at siya para sa pangngalang may salungguhit.

Halimbawa:

Si Mila ay pipili ng magiging kalahok sa paligsahan.

Siya ay inutusan ng aming guro.

1. "Saan ka nakatira Mila?" tanong ni Abel.  
"\_\_\_\_\_ ay nakatira sa Purok Bayanihan," sagot ni Mila.
2. Sinabi ni Mila kay Abel,  
"\_\_\_\_\_ ay kasama sa pamamasyal."
3. Saan ka pupunta Abel?  
"\_\_\_\_\_ ay pupunta sa paaralan," sagot ni Abel.
4. Sinabi ni Abel kay Mila,  
"\_\_\_\_\_ ay inuutusan ko na kumanta."
5. Si Cora ay bibili ng isda at karne sa palengke.  
\_\_\_\_\_ ay bibili ng isda at karne sa palengke.



## Isaisip


Mga gamit ng panghalip panao sa pangungusap.



Ang ako ay ginagamit pamalit kapag ang tinutukoy ang sarili.



Ang ikaw ay ginagamit pamalit sa taong kinakausap.



Ang siya naman ay ginagamit sa taong pinag-uusapan.

### Tandaan

Mga dapat tandaan sa pagsulat ng tamang pangungusap o pahayag.

1. Lahat ng pangungusap ay nag-uumpisa sa malaking letra.
2. Lahat ng tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar at pangyayari ay nag-uumpisa sa malaking letra.
3. Lahat ng pangungusap ay nagtatapos sa tamang bantas gaya ng tuldok (.), tandang pananong (?) at tandang padamdang (!)
4. Gamitin ang kuwit (,) sa paghihiwalay ng magkakasunod na salitang binabangit sa isang pangungusap.



## *Isagawa*

Isulat sa patlang ang angkop na panghalip panao na ako, ikaw at siya. Kumpletuhin din ang pagkakasulat ng ibang pangungusap gamit ang tamang bantas na nasa loob ng kahon.

.	!	?
---	---	---


Halimbawa: Inutusan si Mila, “Hindi ako (ako, ikaw, siya) tatanggi sa utos ninyo.”

1. (Ako, Ikaw, Siya) \_\_\_\_\_ ang aking guro sa Filipino\_\_
2. Tutulong \_\_\_\_\_ (ako, ikaw, siya) sa mga taong nasalanta ng bagyo\_\_
3. Bibili \_\_\_\_\_ (ako, ikaw, siya) ng aking pagkain\_\_
4. Aray! Napaso \_\_\_\_\_ (ako, ikaw, siya) ng kandila\_\_
5. Saan kaya \_\_\_\_\_ (ako, ikaw, siya) nakatira\_\_



## Tayahin

Base sa larawan, buoin mo ang mga pangungusap gamit ang panghalip panao na Ako, Ikaw at Siya na may tamang gamit ng malalaking letra at tamang bantas. Isulat ang iyong sagot sa patlang,



1. \_\_\_\_\_ ba si rang may-ari nitong aklat?



2. \_\_\_\_\_ si Gng. Cruz, ang guro sa baitang tatlo.



3. \_\_\_\_\_ na ang aalalay sa iyo.



4. \_\_\_\_\_ na ang magdala ng bag ko.



5. \_\_\_\_\_ ba ang bagong lipat sa ating paaralan?





## *Karagdagang Gawain*

Basahin mo ang pangungusap na nakasalungguhit at sagutan mo ang kasunod na tanong. Ikahon ang titik nang wastong sagot.

1. Ako ang bahala sa iyo.

Paano nagsimula ang pangungusap?

- a. maliit na letra
- b. malaking letra
- c. wala sa nabanggit

2. Ikaw ba ang kumain ng masanas?

Ano ang ginamit na bantas sa pangungusap?

- a. Tuldok
- b. TandangPadamdang
- c. Tandang pananong

3. Bakit nasa daan ang mga aso, pusa at kambing?

Ano ang mga ginamit na bantas sa pangungusap?

- a. padamdang at tuldok
- b. kuwit at tandang pananong
- c. tandang pananong at padamdang

4. Ang sarap nito!

Ano ang gamit na bantas ng pangungusap?

- a. Tuldok
- b. Tandang Padamdang
- c. Tandang pananong

5. Batay sa mga pangungusap na nkasalungguhit, bakit magkaiba ang mga bantas na ginamit sa bawat pangungusap? Magkakaiba ang bantas na ginamit dahil \_\_\_\_\_.
- nagsisimula sa maliit na letra ang pangungusap
  - nagsisimula sa malaking letra ang pangungusap
  - magkaiba ang gamit ng mga bantas sa bawat pangungusap



## *Subukin*

Salungguhitan mo ang angkop na panghalip sa pangungusap.

- Si Nat at ako ay pupunta sa lola ko.  
(Kami, Kayo, Tayo) ay kakain ng masarap doon.
- Sina Julia at Julio ay matalino.  
(Kami, Kayo, Sila) ay laging may matataas na mga marka.
- Ikaw at si Kuya Hector ang susundo sa akin.  
(Kami, Kayo, Sila) ang magdadala ng gamit ko.
- Si Kuya Ian at ang kanyang kapatid ay pupunta sa Bohol.  
(Kami, Kayo, Sila) ay sasakay ng barko papunta roon.
- Si ate, ikaw at ako ay uuwi bukas sa Tagum City.  
(Kami, Kayo, Tayo) ay manonood ng Mutya ng Tagum.

*Balikan*


Naglalakad ka nang mabilis papuntang silid-aralan, nang hindi sinasadya ay nabangga mo ang iyong guro. Ano ang iyong sasabihin? Guhitan ng bituin (★) ang kahon nang may tamang sagot.

1. Pasensya na po ma'am, hindi ko po sinasadya.
2. Pasensya na po ma'am, paharang – harang ka kasi.
3. Pasensya na po ma'am, hindi ka kasi tumitingin sa iyong dinadaan.
4. Patawarin niyo po ako ma'am, hindi ko po sinasadya.
5. Patawarin niyo po ako ma'am, sa pagmamadali ko po nabangga ko po kayo. Hindi ko po sinasadya.



## Tuklasin

Hanapin mo sa puno ang mga tinutukoy sa bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa patlang.



1. Ang \_\_\_\_\_ ay inihahalili sa ngalan ng tao.
2. \_\_\_\_\_ ang ginagamit sa halip na ngalan ng taong nagsasalita at mga kasama.
3. \_\_\_\_\_ ang ginagamit sa halip na ngalan ng taong kausap at mga kasama.
4. \_\_\_\_\_ ang ginagamit sa halip na ngalan ng taong pinag-uusapan at mga kasama.
5. \_\_\_\_\_ ang ginagamit sa halip na ngalan ng taong nagsasalita, kausap at kaniyang mga kasama.



## *Suriin*

Basahin mo ang mga pangungusap. Sagutan ang mga tanong at tukuyin ang mga panghalip na ginamit at isulat ito sa loob ng kahon na nasa ibaba.

1. Si Cassy, Marga at Romina ay magbabakasyon.  
Sila ay aalis ng Pilipinas mamayang gabi.  
Ano ang salitang pamalit kay Cassy, Marga at Romina?

2. Ako at si Tanya ay mamamasyal sa tabing dagat.  
Magpapaalam muna kami sa aming mga magulang.  
Ano ang salitang pamalit sa ako at Tanya?

3. Ikaw, ako at si bunso ay inutusan ni tatay.  
Tayo ang maglilinis ng bahay.  
Ano ang salitang pamalit sa ikaw, ako at si bunso?

4. Ikaw at si Marta ay mag-eensayo ng kanta.  
Kayo ang kakanta sa programa bukas.  
Ano ang salitang pamalit sa ikaw at si Marta?


5. Ikaw, ako at si Jose ay hinihintay na nina ate at kuya.  
Sabay sabay tayong maglakad patungong paaralan.  
Ano ang salitang pamalit sa ikaw, ako at si Jose?




## *Pagyamanin*

- A. Bilugan mo ang angkop na panghalip upang mabuo ang bawat pangungusap.
1. Si Sam at ako ay pupunta sa parke. Maglalaro (kami, kayo, sila, tayo) doon.
  2. Sina Anne, Vice, ikaw at ako ay ay inimbitahan ni Ryan sa kanyang kaarawan. Pupunta (kami, kayo, sila, tayo) mamaya.
  3. Ang aking mga kaibigan at ako ay maglalaro sa labas. (Kami, Kayo, Sila, Tayo) ay maglalaro ng taguan.
  4. Ikaw at ang mga kasama mo ang maglilinis ng hardin. (Kami, Kayo, Sila, Tayo) ay magdadala ng walis at sako.
  5. Ang mga bata ang magdadala ng mga bulaklak. (Kami, Kayo, Sila, Tayo) ang mag-aalay nito kay Mama Mary.


B. Sa tulong ng larawan, piliin mo ang angkop na pamalit sa ngalan ng tao sa bawat pangungusap at bilugan ito.




1. "Lahat (Kami, Tayo) ay maglilinis ng ating silid-aralan," wika ni Andy.



2. "Nautusan (Kayo, Kami) na ang magpunas ng mga bintana.



3. At "(Sila, Kayo) naman magwawalis sa labas ng silid-aralan.



4. "Kayo naman ang magtatanim ng mga gulay sa ating hardin samantalang (Sila, Kami) ang mag-aalis ng mga agiw sa kisame."



## *Isaisip*

- Kami ➡ ginagamit na pamalit sa ngalan ng nagsasalita at ng kanyang kasama
- Tayo ➡ ginagamit na pamalit sa ngalan ng nagsasalita, kanyang kasama at kausap.
- Kayo ➡ ginagamit na pamalit sa ngalan ng dalawang tao o higit pa na kausap
- Sila ➡ ginagamit na pamalit sa ngalan ng dalawa o higit pang tao na pinag-uusapan





## *Isagawa*

Isulat mo sa patlang ang angkop na panghalip sa pangungusap.

kami	kayo	sila	tayo
------	------	------	------

1. Ikaw at ako ay bibigyan ni nanay ng premyo.  
\_\_\_\_\_ kasi ay mababait na bata.
2. Sina Tani, Bebang at Ansing ay aking mga kapitbahay.  
\_\_\_\_\_ ay nakatira sa Quezon Street, Tagum City.
3. Kuya Ian at Ate Rhea tawag \_\_\_\_\_ nina tito at tita.
4. Nagbasketbol sina Lance at Renz. Nauhaw \_\_\_\_\_ kaya umuwi muna.
5. “\_\_\_\_\_ ay mag-aral na,” wika ko sa aking mga kamag-aral.



## Tayahin

Punan ng tamang panghalip na kami, kayo, sila at tayo. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

1. Ako at si Kevin ay gigising nang maaga bukas. Magbibisikleta \_\_\_\_\_ sa parke.
2. Narito na ang mga kaklase mo. Sasabay \_\_\_\_\_ sa iyo papunta sa paaralan.
3. Mga bata nagbibihis pa si Andrey. Umupo muna \_\_\_\_\_ sa *sofa*.
4. Bryan, Kent at Patrick sa Huwebes na ang paligsahan sa sayaw. Handa na ba \_\_\_\_\_?
5. Ang mga pinsan mo ay nasa sala. Bigyan mo muna \_\_\_\_\_ ng malamig na inumin.



## Karagdagang Gawain

Tingnan mo ang larawan at buoin ang usapan gamit ang panghalip na kami, kayo, tayo at sila. Isulat sa walang lamang *message balloon* ang nabuong pangungusap.





# Susi sa Pagwawasto

Subukin  
 1. Kami  
 2. Sila  
 3. Kayo  
 4. Sila  
 5. Tayo

**Balikin**

1. Pasensya na po ma'am, hindi ko po sinasadya.

2. Pasensya na po ma'am, paharang – harang ka kasi.

3. Pasensya na po ma'am, hindi ka kasi tumitingin sa iyong dinadaan.

4. Patawarin niyo po ako ma'am, hindi ko po sinasadya.

5. Patawarin niyo po ako ma'am, sa pagmamaddali ko po nabangga ko po kayo. Hindi ko po sinasadya.

**Tuklasin**

1. Panghalip  
 2. Kami  
 3. Kayo  
 4. Sila  
 5. Tayo

**Suriin**  
 1. Sila  
 2. Kami  
 3. Tayo  
 4. Kayo  
 5. Tayo

**Pagpamalin**  
 A.  
 1. kami  
 2. tayong  
 3. kami  
 4. kayo  
 5. sila

**Pagpamalin**  
 B.  
 1. tayong  
 2. kayong  
 3. sila  
 4. kami

Isgawa  
1. Tayo  
2. Kami  
3. Kayo  
4. Sila  
5. Tayo

Tayahin  
1. Ikaw  
2. Siya  
3. Ako  
4. Ikaw  
5. Ikaw

Karagdang Gawain  
1. b  
2. c  
3. b  
4. b  
5. c.

Subukin  
1. Ikaw  
2. Ako  
3. Ikaw  
4. ayu  
5. Ikaw  
Aralin 2

Balikkan  
1. a  
2. a  
3. b  
4. c  
5. b

Tuklasin  
1. b  
2. c  
3. c  
4. b  
5. a

Sunitin  
1. Sila  
2. Kami  
3. tayo  
4. kayo  
5. tayo

<b>Pagpamamali</b>				
1. Ako	2. Ika	3. Ako	4. Ika	5. Siya
II.	2. C	3. b	4. c	5. c
I.				
1. a				

**Isagawa**

1. **Siya** ang aking guro sa Filipino.  
 2. Tulong **ako** sa mga taong nasalanta ng bagyo.  
 3. Bilal **siya** ng aking pagkain.  
 4. Aray! Napaso **ako** ng kandila!  
 5. Saan kaya **siya** nakatira?

<b>Tayahin</b>				
1. Ika	2. Siya	3. Ako	4. Ika	5. Ika

**Karagdagan Gawain**

(Magarating Sagot)  
 1. Walang Anuman ako ay nagagalak na tulongan ka.  
 2. Opo, sasama ako sa kapilya.  
 3. Opo, kami ang naglalis ng kapilya kanina.

## *Sanggunian*

K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum sa Filipino3. Department of Education 2016, 45-66

K to 12 Most Essential Learning Competencies (MELCs) for Filipino Grade 3 Q1. Department of Education Curriculum and Instruction Strand 2020, DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City Philippines

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)